Nobyembre 1, 2023

# Isinamoderno ng Lungsod ng Brampton ang Ordinansa sa Paglilisensya sa Negosyo upang gawing organisado ang mga proseso at dagdagan ang kabutihan ng komunidad

BRAMPTON, ON – Upang mas mapaglingkuran ang mga residente at negosyo, at patuloy na matiyak ang kaligtasan at kabutihan ng komunidad, pinalitan ng Lungsod ang Business Licensing By-Law 332-2013 ng Business Licensing By-Law 184-2023.

Simula sa Nobyembre 1, ang sumusunod na mga negosyo ay kakailanganing kumuha ng taunang Business Licence upang magpatakbo sa Brampton:

- Mga pasilidad ng storage na outdoor,
- Pet Grooming,
- Mga Caterer, at
- Mga negosyo ng Paarkilahang Sasakyan na Out-of-town.

Ang bagong ordinansa (by-law) ay nag-aatas din sa Vehicle Pound Facilities na tiyakin na ang mga may-ari ng sasakyan ay makaka-access at makakakuha ng release ng sasakyan o mga nilalaman nito sa ginhawa ng may-ari ng sasakyan at na pahintulutan ang alkohol na mai-serve sa mga Lugar na Libangan na aprubado ng Alcohol and Gaming Commission of Ontario (AGCO).

Hinihikayat ang mga residente at negosyo na rebyuhin ang New Stationary Business Licensing by-law para sa kumpletong talaan ng mga pagbabago at upang maunawaan kung paano sila maaaring maapektuhan.

Nananatiling committed ang Lungsod ng Brampton sa pagtataguyod ng kapaligiran na nakakabuti sa negosyo habang pinanatili ang kaligtasan at kabutihan ng komunidad

**Mga Link**

Upang rebyuhin ang bagong Business Licensing By-Law 184-2023, pakibisita ang: https://pub-brampton.escribemeetings.com/filestream.ashx?DocumentId=95306.

**Karagdagang Impormasyon**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bagong Stationary Business Licensing By-Law 184-2023, pakikontak ang Licensing@brampton.ca.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca